

## Puwede ba kayong makatulong sa mga Section-8 o Project-Based na Pabahay Voucher?

Ang King County Regional Homelessness Authority (Panrehiyong Awtoridad sa Kawalan ng Tirahan sa King County) ay hindi tagapagbigay ng pabahay at hindi nag-iisu ng mga Section-8 o Project-Based na Pabahay Voucher. Kung may tanong ka tungkol sa mga pabahay voucher, makipag-ugnayan sa:

### King County Housing Authority (KCHA)

(206) 574-1100

kcha.org

### Seattle Housing Authority

(206) 615-3300

seattlehousing.org

### Renton Housing Authority

(425) 226-1850

rentonhousing.org

## Iba Pang Mga Resource

### Estado ng Washington 2-1-1

Tumawag sa 2-1-1 o (800) 621-4636

### Linya para sa Pagpapatala sa Family Shelter

(206) 245-1026

### Mga Panrehiyong Access Point para sa May Koordinasyong Pagsisimula

- **Seattle**  
(206) 328-5900
- **Timog King County – Federal Way**  
(253) 874-6718
- **Timog King County – Renton**  
(425) 523-1377
- **Silangang King County – Bellevue**  
(206) 328-5900
- **Hilagang King County – Hilagang Seattle**  
(206) 694-6833

## Para sa Agarang Tulong

Ang Ombuds (Opisyal) ng KCRHA ay hindi nagbibigay ng mga serbisyong pang-emergency. Kung nakararanas ka ng emergency na posibleng makamatay at nangangailangan ng interbensiyon ng doktor o pulis, tumawag sa 911.

Kung kailangan mo ng suporta sa kalusugan ng pag-iisip, pagkalulong sa alak o droga, o sa mga alalahaning emosyonal, ang linya ng telepono para sa Crisis Connections (Mga Koneksiyon sa Krisis) ay nakahandang tanggapin ang iyong tawag nang 24/7. (206) 461-3222

Bukas kami para sa sinumang naghahanap ng impormasyon tungkol sa sistema o mga serbisyo ng pagtugon sa kawalan ng tirahan.

## Makipag-ugnayan sa Amin:



Tawagan kami:  
(206) 639-4601



I-email kami:  
ombuds@kcrha.org



I-scan ang QR code gamit ang iyong telepono o bisitahin kami sa [kcrha.org/ombuds](https://kcrha.org/ombuds) upang alamin pa ang tungkol dito.



# KCRHA

King County Regional Homelessness Authority



## Ombuds Office

Isinusulong ang Pagiging Patas, Serbisyong Pangkostumer, at Pagkakaroon ng Pananagutan sa Sistema ng Pagtugon sa mga Walang Tirahan sa King County

## Nandito kami upang tumulong!

Ikaw ba ay kliyente o tagapagbigay ng mga serbisyo kaugnay ng kawalan ng tirahan sa King County?

Kailangan mo ba ng makakausap tungkol sa isang komento, alalahanin, o reklamo?

Puwede ka ba naming tulungang kumonekta sa mga serbisyo para sa mga walang tirahan o mga kaugnay na resource?

Ikaw ba ay tagapagbigay-serbisyo at may mga mungkahi para sa pagpapabuti/feedback?

## Ano ang Ombuds Office?

Nagsisikap kami upang mapagtibay ang pananagutan sa sistema ng pagtugon sa mga walang tirahan sa tulong ng pagbibigay-impormasyon, paglutas sa mga alalahanin, pagsisiyasat sa mga reklamo, at pagsubaybay sa mga trend upang magabayan ang mga pagpapabuti sa King County.

## Paano makatutulong ang Ombuds Office? Puwede kaming:

- Magturo, magbigay-alam, at maglaan ng mga referral sa mga resource para sa mga walang tirahan sa King County
- Tumugon sa mga tanong at alalahanin tungkol sa mga serbisyo para sa mga walang tirahan at pagsikapang lutasin ang mga ito sa paraang hindi pormal
- Magsiyasat ng mga reklamo
- Tumanggap ng feedback mula sa mga bumubuo sa KCRHA hinggil sa mga serbisyo ng sistema para sa mga walang tirahan
- Mag-ulat ng mga alalahanin ng komunidad sa pamunuan, kawanihan, at pamahalaan ng KCRHA.

## Sino ang aming pinaglilingkuran?

- Ang mga miyembro ng komunidad na pinaglilingkuran ng programang pinopondohan ng KCRHA
- Mga Tagapagbigay-serbisyo na pinopondohan ng KCRHA
- Mga empleyado o kontratista ng KCRHA

## Ano ang mangyayari kapag nakipag-ugnayan ka sa tanggapan?

Magsasagawa kami ng paunang pagsusuri, pagpapatala, at pagtatasa kasama mo upang malaman kung paano pinakamabuting makatutugon. Maaaring kasali rito ang pagtatanong upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa. Upang mapabuti ang aming mga serbisyo, ang pangkat ng Ombuds ay maaari ding magtanong tungkol sa demograpiya upang maunawaan nang mas mabuti ang komunidad na aming pinaglilingkuran.

## Mga Bagay na Kadalasang Itinatanong

### Puwede ba kayong mag-asikaso ng kahit anong isyu o reklamo?

Ang Ombuds Office ng KCRHA ay puwedeng magsuri, magsiyasat, at lumutas ng mga isyu sa apat na larangan:

- **Paghahatid ng mga Serbisyo – Ang mga serbisyo, resource, at aktibidad na inilalaan para sa mga taong walang tirahan**
- **Pangangasiwa ng Programa – Ang mga tungkulin sa pangangasiwa ng KCRHA at mga kakontrata nitong tagapagbigay-serbisyo kabilang na rito ang pamamahala ng kontrata, pagsubaybay sa pagganap, pagsunod sa mga panuntunan at regulasyon, at serbisyong pangkostumer**
- **Mga Patakaran – Ang mga pagpapasya, isasagawang kilos, protokol, o pamamaraang ipinatutupad ng KCRHA o ng kakontratang tagapagbigay-serbisyo**
- **Iba pang mga aktibidad na pinamamahalaan ng KCRHA – Kasama na rito ang, pero hindi ito nalilimitahan sa: Pagpapatuloy ng mga tungkulin sa Pangangalaga gaya ng May Koordinasyong Pagsisimula o Homeless Management Information System (HMIS, Sistema ng Impormasyon para sa Pangangasiwa sa mga Walang Tirahan)**

## Kailangan ko bang makipagkita nang personal?

Hindi. Opisyon lang, pero hindi kinakailangan, ang pakikipagkita nang personal sa isang Ombuds.

## Paano poprotektahan ng Ombuds ang aking pagiging kumpidensiyal kung isinasapubliko ang mga talaan nito?

Bilang pampublikong entidad, dapat sumunod ang Ombuds Office ng KCRHA sa Washington State's Public Records Act (Batas sa mga Pampublikong Talaan ng Estado ng Washington). Ibig sabihin, ang mga talaan ng Ombuds Office ay itinuturing na mga pampublikong talaan, at maaaring hilingin ang mga talaang ito ng mga miyembro ng publiko, maliban kung ang hinihiling na talaan ay naglalaman ng impormasyong hindi kasali o ipinagbabawal na maisiwalat.

Bagaman maaaring isiwalat sa publiko ang mga talaan ng Ombuds Office, tungkulin ng tanggapan na panatilihin ang pinakamataas na antas ng pagiging kumpidensiyal hangga't maaari. Hindi ibubunyag ng Ombuds Office ang pagkakakilanlan ng sinumang taong nakikipag-ugnayan sa tanggapan upang maghain ng reklamo, at hindi ito magsisiwalat ng anumang impormasyong ibinibigay nang kumpidensiyal, maliban kung gagawin ito upang matugunan ang napipintong panganib na magdudulot ng malubhang pinsala o kapag iniaatas ito ng batas.

## Puwede ba akong maghain ng reklamong walang pagkakakilanlan?

Oo, kung interesado kang maghain ng reklamong walang pagkakakilanlan, HUWAG sagutan ang online na form, mag-text, o mag-email sa amin. Pakitawagan kami nang direkta sa (206) 639-4601.